
# Ang Tuberculosis (TB) ay seryosong nakakahawang sakit sa Japan at sa mundo

## Dumadami ang bilang ng mga taong may TB na pinanganak sa ibang bansa

Sa Osaka City, dumadami ang bilang ng mga taong may TB na pinanganak sa ibang bansa.

**1 sa loob ng 8 taong** mayroong TB ay pinanganak sa ibang bansa.

Osaka City Bilang at porsyento ng mga taong may TB na pinanganak sa ibang bansa





Source: Japan Anti- Tuberculosis Association, Research Institute of Tuberculosis Tuberculosis Surveillance Center

## Sa nakababatang henerasyon, maraming mga taong may TB ang pinanganak sa ibang bansa

**Mga 80 porsyento** ng may **edad 20-29 taong gulang** ng mga taong may TB sa Osaka City sa taong 2022 ay pinanganak sa ibang bansa

Osaka City Detalye ng mga taong may TB (2022)





Kinalap mula sa TB registrant information system

## Sa populasyon ng buong mundo, 1 sa 4 na tao ay nahahawaan

## Lalo na sa Asia, kumakalat ang TB

Sa taong 2021 ang Japan ay naging bansang mababa ang paglaganap ng TB ngunit kahit sa kasalukuyan naibalita na mahigit 10,000 ka tao ang nahahawaan sa isang taon.

Marami ang nahahawaan ng TB sa mga bansa sa Asia kahit sa kasalukuyan. Karamihan sa mga bansa sa Asia ay katamtaman o mataas ang paglaganap ng TB.




Source : WHO Global Tuberculosis Report 2022

## Para sa mga dayuhan



### Kaalaman tungkol sa TB

Tingan lamang mula dito ang homepage ▶ https://www.jatahq.org/about_tb/qa

- English
- Chinese
- Korean
- Indonesian
- Portuguese
- Tagalog
- Burmese
- Vietnamese
- Spanish
- Hindi
- Nepali
- Thai
- Mongolian
- Russian

### Konsultasyon sa TB sa telepono para sa mga dayuhan — Libre

- English
- Vietnamese
- Chinese
- Korean
- Nepali
- Burmese

TEL:03-3292-1219 Bawat Martes 10:00-12:00/13:00-15:00

# 5 Q & A tungkol sa TB

## Q1 Ano ba ang TB?

**A1**


Sakit na sanhi ng impeksyon dahil sa pagpasok sa baga ng bakterya ng tuberculosis na lumulutang sa hangin.

Maliban sa baga, nagkakaroon din ng sugat sa mga lamang loob tulad ng kulani (lymph node), buto・kasukasuan at atay. Dumadaan din ang bakterya sa mga ugat at kumakalat ito sa buong katawan.

## Q2 Ano ang mga sintomas ng TB?

**A2**

Magpatingin kaagad kung meron kayong alinmang mga sintomas sa ibaba.




Mag-ingat din sa ganitong sintomas!

- Bumaba ang timbang
- Walang ganang kumain
- Pinagpapawisan

## Q3 Paano nakakahawa ang TB?

**A3**

Kapag bumahing o umubo ang taong nahawaan ng TB, kakalat sa hangin ang maliliit na tilamsik na may kasamang bakterya ng TB.

Dahil sa paglanghap ng bakterya ng TB, mahahawaan ang mga tao sa paligid.


Ito ay tinatawag na「pagkahawa sa hangin」.

## Q4 Nagagamot ba ang TB?

**A4**

Kahit na malamang nahawaaan ng TB, ito ay magagamot kung araw-araw na iinom ng iba't-ibang gamot sa loob ng 6 hanggang 9 na buwan.

Kung hindi makakahawa sa ibang tao, maaaring magpatuloy ng trabaho at pag-aaral habang nagpapagamot sa ospital.




- Sa pagpapa-alam (pag-report) ng gastos sa pagpapagamot ng TB, maaaring pampublikong pondo ang gamitin sa pagbayad nito..
- Tutulong ang institusyong medikal at ang health and welfare center para siguradong maisagawa ang paggamot at babantayan ang pag-inom ng gamot.

## Q5 Ano ang mga karaniwang kailangang pag-ingatang bagay?

**A5**

Sundin natin ang tamang paraan ng pamumuhay para hindi bumaba ang ating resistensya.

- Katamtamang pag-ehersisyo (exercise)
- Sapat na tulog
- Hindi naninigarilyo
- Pagkain na maganda ang balanse sa nutrisyon

Para maagang matuklasan ang TB, kumuha tayo ng health exam (Chest X-ray) isang beses bawat taon.

**Nagsasagawa ng pagsusuri sa TB sa Osaka City!**

Hindi kailangan ng reservation | Libre

Mga nasasaklaw: Mga residenteng 15 taong gulang pataas na walang pagkakataong magpa-eksamin sa paaralan o sa trabaho

Lugar: Sa health and welfare center sa tinitirahang distrito (ward)

Nilalaman: Chest X-ray examination

Lugar: Tingnan ang homepage ng Osaka City para sa araw at oras ▶ Osaka City Pagsusuri sa TB

Language

Osaka City Public Health Center Infectious Diseases Division Tuberculosis Group TEL：06-6647-0653